<p>Karagdagang sinasaklaw na serbisyo (ipinagpatuloy)</p>	<p>Pang-therapy na Pinapangasiwaang Pag-eehersisyo (Supervised Exercise Therapy o SET)</p>	<p>\$0</p>	<p>Babayaran ng Plano ang SET para sa mga miyembrong may symptomatic peripheral artery disease (PAD) na may referral para sa PAD mula sa doktor na gumagamot ng PAD. Babayaran ng Plano ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Hanggang 36 na sesyon sa loob ng 12 linggo kung matutugunan ang lahat ng kinakailangan sa SET • Karagdagang 36 na sesyon sa paglipas ng panahon kung matutukoy ng provider ng pangangalagang pangkalusugan na medikal itong kinakailangan <p>Maaaring may nalalapat na mga karagdagang pagbubukod at limitasyon.</p> <p>Maaaring malapat ang mga panuntunan sa referral at paunang pahintulot.</p> <p>Makipag-ugnayan sa Plano para sa mga detalye.</p>

Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711), mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.



Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): Buod ng Mga Benepisyo para sa 2022

Pangangailangan o problema sa kalusugan	Mga serbisyong maaaring kailanganin ninyo	Ang inyong mga gastusin para sa mga provider na nasa network	Mga limitasyon, pagbubukod, at impormasyon ng benepisyo (mga panuntunan tungkol sa mga benepisyo)
	Mga Serbisyo ng Telehealth	\$0	Ilang partikular na serbisyo ng telehealth, kabilang ang mga para sa: pangunahing pangangalaga, mga serbisyo ng espesyalista at iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, at mga serbisyo ng espesyalista sa kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient, kabilang ang psychiatric na pangangalaga. Maaaring malapat ang mga panuntunan sa referral at paunang pahintulot. Makipag-ugnayan sa Plano para sa mga detalye.
	Pagpapayo para sa Paghinto sa Paggamit ng Tabako para sa mga buntis na babae	\$0	Maaaring malapat ang mga panuntunan sa referral at paunang pahintulot.
	Habang Walang Sakit/Edukasyon at iba pang karagdagang benepisyo	\$0	Saklaw ng Plano ang mga sumusunod na karagdagang programa sa edukasyon/wellness: <ul style="list-style-type: none"> • Edukasyong Pangkalusugan • Benepisyo sa Nutrisyon/Diet • Nursing Hotline Maaaring malapat ang mga panuntunan sa paunang pahintulot.

Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711), mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.



Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): Buod ng Mga Benepisyo para sa 2022

D. Mga serbisyong sinasaklaw sa labas ng Health Net Cal MediConnect

Hindi ito kumpletong listahan. Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro para malaman ang tungkol sa iba pang serbisyong hindi saklaw ng Health Net Cal MediConnect ngunit available sa pamamagitan ng Medicare o Medi-Cal.

Iba pang serbisyong saklaw ng Medicare o Medi-Cal	Ang inyong mga gastos
Ilang serbisyo ng pangangalaga sa hospisyo	\$0
Mga serbisyo ng koordinasyon bago ang paglipat at pagkatapos ng paglipat ng Mga Paglipat sa Komunidad ng California (California Community Transitions o CCT)	\$0
Ilang partikular na serbisyo sa ngipin, gaya ng mga X-ray, pagpapalinis, pasta, root canal, pagpapabunot, crown, at pagpapapustiso	Hindi kayo sisingilin para sa mga serbisyong saklaw ng Medi-Cal Dental Program. Gayunpaman, kayo ang magbabayad para sa bahagi ninyo sa halaga ng gastos, kung naaangkop. Kayo ang dapat magbayad para sa mga serbisyong hindi saklaw ng inyong plano o ng Medi-Cal Dental Program.

Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711), mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.



Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): Buod ng Mga Benepisyo para sa 2022

E. Mga serbisyong hindi saklaw ng plano ng Health Net Cal MediConnect, Medicare, at Medi-Cal

Hindi ito kumpletong listahan. Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro para malaman ang tungkol sa iba pang serbisyong hindi saklaw.

Mga serbisyong hindi saklaw ng Health Net Cal MediConnect, Medicare, o Medi-Cal

Mga serbisyo na itinuturing na hindi “makatwiran at medikal na kinakailangan,” alinsunod sa mga pamantayan ng Medicare at Medi-Cal, maliban kung ang mga serbisyong ito ay inilista ng aming Plano bilang mga sakop na serbisyo.	Operasyon na pangkosmetiko o ibang gawa ng kosmetiko, maliban kung ito ay kinakailangan dahil sa pinsala ng aksidente o para pagandahin ang isang bahagi ng katawan na hindi tama ang hugis. Gayunpaman, babayaran ng Plano ang reconstruction ng suso pagkatapos ng isang mastectomy at para sa paggamot ng isa pang suso para magtugma ito.
Mga sinusubukan pa lamang na medikal at pang-operasyon na paggamot, mga gamit, at gamot, maliban kung saklaw ng Medicare o sa ilalim ng isang klinikal na pananaliksik na pag-aaral na aprubado ng Medicare o ng aming Plano. Ang mga sinusubukan pa lamang na paggamot at mga gamit ay ang mga hindi pangkahalatang tinatanggap ng medikal na komunidad.	Mga pinili o boluntaryong pamamaraan o serbisyo sa pagpapabuti (kasama ang pagbabawas ng timbang, pagpapatubo ng buhok, seksuwal na kakayahan, kakayahan bilang atleta, layuning kosmetiko, pagpapabata, at kakayahan ng pag-iisip), maliban kapag medikal na kinakailangan.
Pagbawi sa mga pamamaraan ng isterilisasyon at mga supply na pang-iwas sa pagbubuntis na walang reseta.	

Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711), mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.



Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): Buod ng Mga Benepisyo para sa 2022

F. Ang inyong mga karapatan bilang isang miyembro ng plano

Bilang miyembro ng Health Net Cal MediConnect, may mga partikular kayong karapatan. Maaari ninyong gamitin ang mga karapatang ito nang hindi pinaparusahan. Maaari rin ninyong gamitin ang mga karapatang ito nang hindi nawawalan ng mga serbisyo ninyo sa pangangalagang pangkalusugan. Sasabihin namin sa inyo ang inyong mga karapatan nang hindi bababa sa isang beses bawat taon. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan, pakibasa ang *Handbook ng Miyembro*. Kasama sa inyong mga karapatan ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:

- **May karapatan kayong respetuhin, at tratuhin nang patas at may dignidad.** Kasama rito ang karapatang:
 - Makakuha ng saklaw na serbisyo nang walang alalahanin tungkol sa lahi, etnisidad, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, edad, kapansanan sa pisikal o pag-iisip, seksuwal na oryentasyon, genetic na impormasyon, kakayahang magbayad, o kakayahang magsalita sa Ingles
 - Makakuha ng impormasyon sa iba pang format (hal., malaking print, braille, at/o audio)
 - Hindi malimitahan ang paggalaw o malayo sa ibang tao
 - Hindi sisingilin ng mga provider na nasa network
 - Ipasagot ang inyong mga tanong at alalahanin nang kumpleto at may paggalang
- **May karapatan kayong kumuha ng impormasyon tungkol sa pangangalaga sa inyong kalusugan.** Kasama rito ang impormasyon tungkol sa paggamot at ang mga opsyon ninyo sa paggamot. Ang impormasyong ito ay dapat nasa format na nauunawaan ninyo. Kabilang sa mga karapatang ito ang pagkakaroon ng impormasyon tungkol sa:
 - Paglalarawan sa mga serbisyon sinasaklawan namin
 - Paano makakakuha ng mga serbisyo
 - Magkano ang babayaran ninyo para sa mga serbisyo
 - Mga pangalan ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan at tagapamahala ng pangangalaga

Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711), mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.



Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): Buod ng Mga Benepisyo para sa 2022

- **May karapatan kayong gumawa ng mga desisyon tungkol sa inyong pangangalaga, kasama ang pagtanggap sa paggamot.** Kasama rito ang karapatang:
 - Pumili ng Provider ng Pangunahing Pangangalaga (Primary Care Provider o PCP) at palitan ang inyong PCP anumang oras sa buong taon
 - Magpatingin sa provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga kababaihan nang walang referral
 - Makuha kaagad ang inyong mga saklaw na serbisyo at gamot
 - Malaman ang lahat ng opsyon sa paggamot, magkano man ang mga ito o kung sinasaklawan ang mga ito
 - Tumanggi sa paggamot, kahit na hindi sumasang-ayon dito ang inyong doktor
 - Tumigil sa paggamit ng gamot
 - Humingi ng pangalawang opinyon. Babayaran ng Health Net Cal MediConnect ang gastusin para sa inyong pagpapatingin para sa pangalawang opinyon.
 - Gumawa at maglapat ng paunang direktiba, tulad ng habilin o proxy sa pangangalagang pangkalusugan.
- **May karapatan kayo sa napapanahong access sa pangangalaga na walang anumang hadlang sa komunikasyon o pisikal.** Kasama rito ang karapatang:
 - Makatanggap ng napapanahong pangangalagang medikal
 - Pumasok at lumabas sa tanggapan ng provider ng pangangalagang pangkalusugan. Ibig sabihin, walang hadlang na access para sa mga taong may kapansanan, alinsunod sa Americans with Disabilities Act
 - Kumuha ng mga tagasalin sa wika para matulungan kayong makausap ang inyong mga doktor at ang inyong planong pangkalusugan. Tumawag sa 1-855-464-3572 (TTY: 711) kung kailangan ninyo ng tulong sa serbisyong ito. Ang mga oras na bukas ay mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok.

Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711), mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.



Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): Buod ng Mga Benepisyo para sa 2022

- **May karapatan kayo sa pang-emergency at agarang pangangalaga kapag kailangan ninyo ito.** Ibig sabihin nito ay may karapatan kayong:
 - Makakuha ng mga serbisyong pang-emergency sa loob ng 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo, nang walang paunang pag-apruba sa isang emergency
 - Gumamit ng out-of-network, agaran o pang-emergency na provider ng pangangalaga, kapag kinakailangan
- **May karapatan kayo sa pagkakumpidensyal at pagkapribado.** Kasama rito ang karapatang:
 - Humingi at makatanggap ng kopya ng inyong mga medikal na tala sa isang anyong nauunawaan ninyo at hilinging baguhin o iwasto ang inyong mga tala
 - Panatilihin pribado ang inyong personal na impormasyon ng kalusugan
- **May karapatan kayong magreklamo tungkol sa inyong mga saklaw na serbisyo o pangangalaga.** Kasama rito ang karapatang:
 - Maghain ng reklamo o karaingan laban sa amin o sa aming mga provider sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Managed Health Care o DMHC). Ang DMHC ay may toll-free na numero ng telepono (**1-888-466-2219**) at TDD line (**1-877-688-9891**) para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang website ng DMHC (www.dmhc.ca.gov) ay may mga form para sa reklamo, mga form ng aplikasyon para sa Independent Medical Review (IMR) at tagubilin online. May karapatan din kayong apelahin ang ilang desisyon namin o ng aming mga provider.
 - Maaari kayong humiling ng Independiyenteng Medikal na Pagsusuri (Independent Medical Review) ng mga pangmedikal na serbisyo o gamit ng Medi-Cal mula sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Managed Health Care)
 - Humiling ng patas na pagdinig ng estado mula sa Estado ng California
 - Makakuha ng detalyadong dahilan kung bakit tinanggihan ang mga serbisyo

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan, maaari ninyong basahin ang *Handbook ng Miyembro* ng Health Net Cal MediConnect. Kung mayroon kayong mga tanong, maaari rin kayong tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Health Net Cal MediConnect.

Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711), mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.



Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): Buod ng Mga Benepisyo para sa 2022

G. Paano maghain ng reklamo o mag-apela ng tinanggihang serbisyo

Kung mayroon kayong reklamo o sa tingin ninyo ay dapat saklawin Health Net Cal MediConnect ang isang bagay na tinanggihan namin, tawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Maaari ninyong apelahin ang aming desisyon.

Para sa mga tanong tungkol sa mga reklamo at apela, basahin ang Kabanata 9 ng *Handbook ng Miyembro* ng Health Net Cal MediConnect. Maaari rin kayong tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Health Net Cal MediConnect.

Kung hindi pa rin kayo sumasang-ayon sa desisyong ito, maaari kayong:

- Humiling ng “Independiyenteng Medikal na Pagsusuri” (Independent Medical Review o IMR) at tagasuri mula sa labas na hindi nauugnay sa aming Plano na susuri sa inyong kaso
- Humiling ng “Pagdinig ng Estado” at hukom na susuri sa inyong kaso

Puwede kayong humiling ng IMR at Pagdinig ng Estado nang sabay, pero hindi ninyo ito magagawa kung nagkaroon na kayo ng Pagdinig ng Estado para sa parehong isyu. Maaari rin kayong humiling ng isa bago ang isa pa para malaman kung mareresolba muna niyon ang inyong problema. Halimbawa, kung hihilingin muna ninyo ang IMR, pero hindi kayo sang-ayon sa desisyon, maaari pa rin kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa ibang pagkakataon. Halimbawa, kung hihilingin muna ninyo ang Pagdinig ng Estado, pero naganap na ang pagdinig, hindi kayo makakahiling ng IMR. Sa sitwasyong ito, ang Pagdinig ng Estado ang may pinal na desisyon.

Hindi ninyo kailangang magbayad para sa IMR o Pagdinig ng Estado.

INDEPENDIYENTENG MEDIKAL NA PAGSUSURI (INDEPENDENT MEDICAL REVIEW o IMR)

Kung gusto ninyo ng IMR, dapat kayong humiling nito sa loob ng **180 araw ng kalendaryo** mula sa petsa ng liham ng “Abiso ng Paglutas ng Apela” na ito. May makikita kayong impormasyon tungkol sa kung paano humiling ng IMR sa talata sa ibaba. Tandaan na ang terminong “karaingan” ay tumutukoy sa “mga reklamo” at “mga apela.”

Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711), mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.



Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): Buod ng Mga Benepisyo para sa 2022

Ang Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California ang responsable sa pagkontrol sa mga plano sa serbisyong pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kayong karaingan laban sa inyong planong pangkalusugan, dapat muna kayong tumawag sa Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711) at gamitin ang proseso sa karaingan ng Health Net Cal MediConnect bago makipag-ugnayan sa departamento. Ang mga oras na bukas ay mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Ang paggamit sa proseso ng karaingan na ito ay hindi nagbabawal sa anumang potensiyal na legal na mga karapatan o remedyong maaari ninyong gamitin. Kung kailangan ninyo ng tulong sa isang karaingan kaugnay ng isang emergency, isang karaingang hindi nakasisiyang niresolba ng inyong planong pangkalusugan, o isang karaingan na nananatiling hindi pa nareresolba nang mahigit 30 araw, maaari ninyong tawagan ang kagawaran para sa tulong. Maaari rin kayong maging kwalipikado sa isang Independiyenteng Medikal na Pagsusuri (Independent Medical Review o IMR). Kung karapat-dapat kayo para sa IMR, magbibigay ang proseso ng IMR ng walang kinikilingang pagsusuri ng mga medikal na desisyon na ginawa ng isang planong pangkalusugan na may kaugnayan sa medikal na pangangailangan ng iminungkahing serbisyo o paggamot, pagsaklaw para sa mga desisyon para sa mga paggamot na sinusubukan o sinisiyasat pa lamang at mga hindi pinagkasunduan na pagbabayad para sa mga emergency o agarang serbisyong medikal. Ang Departamento ay mayroon ding toll-free na numero ng telepono (**1-888-466-2219**) at linya ng TDD (**1-877-688-9891**) para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang internet website ng Departamento na www.dmhca.gov ay may mga form para sa reklamo, form sa pag-apply sa IMR, at mga tagubilin online.

PAGDINIG NG ESTADO

Kung gusto ninyo ng Pagdinig ng Estado, humiling nito sa loob ng **120 araw** mula sa petsa ng liham na “Abiso sa Resolusyon ng Apela” (Notice of Appeal Resolution o NAR) na nagbibigay-alam sa inyo na hindi tuluyang o ganap na kinukumpirma ang nakaraang Pagpapasya sa Hindi Pagbibigay ng Benepisyo (Adverse Benefit Determination). Gayunpaman, **kung kasalukuyan kayong nakatanggap ng paggamot at gusto ninyong patuloy na makatanggap nito, dapat kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw** mula sa petsa na naihatid sa inyo ang liham na NAR, O bago ang petsang isinaad ng inyong planong pangkalusugan na mahihinto na ang mga serbisyo. Dapat ninyong sabihin na gusto ninyong patuloy na matanggap ang paggamot kapag hiniling ninyo ang Pagdinig ng Estado.

Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711), mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.



Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): Buod ng Mga Benepisyo para sa 2022

Maaari kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng pagtawag at pagsulat:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa 1-800-952-5253. Maaaring napakaabala ng numerong ito. Maaari kayong makatanggap ng mensaheng magpapatawag sa inyo sa ibang pagkakataon. Kung may problema kayo sa pagsasalita o pandinig, pakitawagan ang TTY/TDD 1-800-952-8349.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang form para sa Pagdinig ng Estado o magpadala ng sulat sa:

California Department of Social Services
State Hearings Division
P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37
Sacramento, CA 94244-2430

May kasamang form para sa Pagdinig ng Estado sa liham ng NAR na ito. Tiyaking isasama ang inyong pangalan, address, numero ng telepono, Numero ng Social Security, at ang dahilan kung bakit ninyo gusto ng Pagdinig ng Estado. Kung may tumutulong sa inyong humiling ng Pagdinig ng Estado, ilagay ang kanilang pangalan, address, at numero ng telepono sa form o liham. Kung kailangan ninyo ng tagasalin sa wika, ipaalam sa amin kung anong wika ang sinasalita ninyo. Hindi ninyo kailangang magbayad para sa isang tagasalin sa wika. Ikukuha namin kayo.

Pagkatapos ninyong humiling ng Pagdinig ng Estado, maaari itong umabot nang hanggang 90 araw para pagpasyahan ang inyong kaso at padalhan kayo ng sagot. Kung sa palagay ninyo ay makakaapekto sa inyong kalusugan ang paghihintay nang ganoon katagal, maaari kayong makakuha ng sagot sa loob ng 3 araw na may pasok. Hilingin sa inyong doktor o planong pangkalusugan na gawan kayo ng liham. Detalyado dapat na ipinapaliwanag sa liham kung bakit lubhang malalagay sa panganib ang inyong buhay, kalusugan, o kakayahang maibalik, mapanatili ang normal na kondisyon kung maghihintay nang hanggang 90 araw. Pagkatapos, tiyaking hihiling ng “**pinabilis na pagdinig**” at ibibigay ang liham kasama ang inyong kahilingan para sa pagdinig.

Maaaring kayo mismo ang humarap sa Pagdinig ng Estado. O kaya, puwedeng isang kamag-anak, kaibigan, tagapagtaguyod, doktor, o abogado ang magsasalita para sa inyo. Kung gusto ninyong ibang tao ang magsalita para sa inyo, sabihan ang tanggapan ng Pagdinig ng Estado na pinapayagan ang taong iyon na magsalita para sa inyo. Ang taong ito ay tinatawag na “pinapahintulutang kinatawan.”

Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711), mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.



Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan): Buod ng Mga Benepisyo para sa 2022

Para sa mga tanong tungkol sa mga reklamo at apela, basahin ang Kabanata 9 ng *Handbook ng Miyembro* ng Health Net Cal MediConnect. Maaari rin kayong tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Health Net Cal MediConnect.

Kung mayroon kayong problema, alalahanin o tanong na nauugnay sa inyong mga benepisyo o pangangalaga, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Health Net Cal MediConnect.

H. Ano ang dapat gawin kung may pinaghihinalaan kayong panloloko

Ang karamihan ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan at organisasyon na nagbibigay ng mga serbisyo ay tapat. Sa kasamaang-palad, maaaring may ilang hindi.

Kung sa tingin ninyo ay may maling ginagawa ang isang doktor, ospital, o iba pang parmasya, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.

- Tumawag sa amin sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Health Net Cal MediConnect. Ang mga numero ng telepono ay matatagpuan sa pabalat ng buod na ito.
- O kaya, tumawag sa Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048. Maaari ninyong tawagan ang mga numerong ito nang libre, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
- O kaya ay tawagan ang Hotline para sa Panloloko at Pang-aabuso ng Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Health Care Services Fraud & Abuse Hotline) sa 1-800-822-6222 (TTY:711), o ang Sangay ng Panloloko sa Medi-Cal at Pang-aabuso sa Matatanda ng Attorney General (Attorney General's Division of Medi-Cal Fraud and Elder Abuse) sa 1-800-722-0432 (TTY: 711). Libre at pananatiliing kumpidensyal ang inyong tawag.

Kung mayroon kayong mga tanong, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3572 (TTY: 711), mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, pumunta sa mmp.healthnetcalifornia.com.



Abiso sa Hindi Pandidiskrimina

Sumusunod ang Health Net Community Solutions, Inc. (Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan)) sa mga naaangkop na pederal na batas sa karapatang sibil at hindi ito nandidiskrimina, nagbubukod ng mga tao o nagtatrato nang iba dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, angkan, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat-etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kundisyon, impormasyong henetiko, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlang pangkasarian o sekswal na oryentasyon.

Ang Health Net Cal MediConnect ay:

- Nagbibigay ng mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan para maging mas malinaw ang aming pag-uusap, gaya ng mga kuwalipikadong interpreter ng sign language at nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malaking print, mga accessible na elektronikong format, iba pang format).
- Nagbibigay ng mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, gaya ng mga kuwalipikadong interpreter at impormasyong nakasulat sa iba pang wika.

Kung kailangan ninyo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Center ng Pakikipag-ugnayan ng Customer ng Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (Los Angeles County), 1-855-464-3572 (San Diego County) (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, tuwing weekend, at kapag holiday, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag.

Kung naniniwala kayong hindi naibigay ng Health Net Cal MediConnect ang mga serbisyong ito o nagdiskrimina ito sa ibang paraan, maaari kayong maghain ng karaingan sa pamamagitan ng pagtawag sa numero sa itaas at pagsabi sa kanila na kailangan ninyo ng tulong sa paghahain ng karaingan; available ang Center ng Pakikipag-ugnayan ng Customer ng Health Net Cal MediConnect para tumulong sa inyo.

Maaari din kayong maghain ng reklamo tungkol sa mga karapatang sibil sa Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao ng Estados Unidos sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng Portal ng Reklamo ng Opisina para sa Mga Karapatang Sibil, na makikita sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>, o sa pamamagitan ng sulat o telepono sa: U.S. Department of Health and Human Services, 200 Independence Avenue SW, Room 509F, HHH Building, Washington, DC 20201, 1-800-368-1019 (TDD: 1-800-537-7697) kung may alalahanin kaugnay sa diskriminasyon na batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian.

Available ang mga form para sa reklamo sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.

Multi-Language Insert

Multi-Language Interpreter Services

English: ATTENTION: If you do not speak English, language assistance services, free of charge, are available to you. Call 1-855-464-3571 (Los Angeles County), 1-855-464-3572 (San Diego County) (TTY: 711).

Spanish: ATENCIÓN: Si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al 1-855-464-3571 (Los Angeles County), 1-855-464-3572 (San Diego County) (TTY: 711).

Chinese Mandarin: 注意：如果您使用繁體中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電 1-855-464-3571 (Los Angeles County), 1-855-464-3572 (San Diego County) (TTY: 711)。

Chinese Cantonese: 注意：如果您說中文，您可獲得免費的語言協助服務。請致電 1-855-464-3571 (Los Angeles County), 1-855-464-3572 (San Diego County) (TTY: 711)。

Tagalog: PAUNAWA: Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa 1-855-464-3571 (Los Angeles County), 1-855-464-3572 (San Diego County) (TTY: 711).

Vietnamese: CHÚ Ý: Nếu bạn nói Tiếng Việt, có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho bạn. Gọi số 1-855-464-3571 (Los Angeles County), 1-855-464-3572 (San Diego County) (TTY: 711).

Korean: 주의 : 한국어를 사용하시는 경우 , 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다 1-855-464-3571 (Los Angeles County), 1-855-464-3572 (San Diego County) (TTY: 711). 번으로 전화해 주십시오 .

Russian: ВНИМАНИЕ: Если вы говорите на русском языке, то вам доступны бесплатные услуги перевода. Звоните 1-855-464-3571 (Los Angeles County), 1-855-464-3572 (San Diego County) (TTY: 711).

Arabic: ملحوظة: إذا كنت تتحدث العربية، فإن خدمات المساعدة اللغوية تتوافر لك بالمجان. اتصل بالرقم 1-855-464-3571 (Los Angeles County)، 1-855-464-3572 (San Diego County) (TTY: 711).

Hindi: ध्यान दें: यदि आप बोलते हैं तो आपके लिए मुफ्त में भाषा सहायता सेवाएं उपलब्ध हैं। 1-855-464-3571 (Los Angeles County), 1-855-464-3572 (San Diego County) (TTY: 711). पर कॉल करें।

Japanese: 注意事項：日本語を話される場合、無料の言語支援をご利用いただけます。1-855-464-3571 (Los Angeles County), 1-855-464-3572 (San Diego County) (TTY: 711). まで、お電話にてご連絡ください。

Farsi: توجه: اگر به زبان فارسی گفتگو می کنید، تسهیلات زبانی بصورت رایگان برای شما فراهم می باشد. (TTY: 711) 1-855-464-3572 (San Diego County), 1-855-464-3571 (Los Angeles County)

Thai: เรียง: ถ้าวคุณพูดภาษาไทยคุณสามารถใช้บริการช่วยเหลือทางภาษาได้ฟรี โทร 1-855-464-3571 (Los Angeles County), 1-855-464-3572 (San Diego County) (TTY: 711).

Armenian: Ուշադրութեամբ՝ Եթե խոսում եք հայերեն, ապա ձեզ անվճար կարող են տրամադրվել լեզվական անջնջումները: Ձանգահարեք 1-855-464-3571 (Los Angeles County), 1-855-464-3572 (San Diego County) (TTY: 711)

Cambodian: ប្រយ័ត្ន៖ បើសិនជាអ្នកនិយាយ ភាសាខ្មែរ, សេវាជំនួយផ្នែកភាសា ដោយមិនគិតល្អូល គឺអាចមានសំរាប់បំរើអ្នក។ ចូរ ទូរស័ព្ទ 1-855-464-3571 (Los Angeles County), 1-855-464-3572 (San Diego County) (TTY: 711).

Hmong: LUS CEEV: Yog tias koj hais lus Hmoob, cov kev pab txog lus, muaj kev pab dawb rau koj. Hu rau 1-855-464-3571 (Los Angeles County), 1-855-464-3572 (San Diego County) (TTY: 711).

Punjabi: ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਸੀਂ ਪੰਜਾਬੀ ਬੋਲਦੇ ਹੋ, ਤਾਂ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਸਹਾਇਤਾ ਸੇਵਾ ਤੁਹਾਡੇ ਲਈ ਮੁਫਤ ਉਪਲਬਧ ਹੈ। 1-855-464-3571 (Los Angeles County), 1-855-464-3572 (San Diego County) (TTY: 711) ‘ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ।

Laotian: ໂປດຊາວ: ຖ້າທ່ານເວົ້າພາສາອັງກິດ, ການຊ່ວຍເຫຼືອດ້ານພາສາທີ່ບໍ່ເສຍຄ່າມີພ້ອມໃຫ້ທ່ານ. ກະລຸນາໂທ 1-855-464-3571 (Los Angeles County), 1-855-464-3572 (San Diego County) (TTY: 711).

Ukrainian: УВАГА! Якщо ви не розмовляєте англійською, для вас доступні безкоштовні послуги перекладу. Телефонуйте на номер 1 855 464 3571 (Los Angeles County), 1 855 464 3572 (San Diego County) (TTY: 711).

Mien: DONGH EIX: Da’faanh Meih Zoux Maiv Qiex English, Janx-kaevq waac Tengx gong, cing Nauv Maiv fih hngang, Yiem longx nyei kungx nyei Tuiv Meih. Heuc 1-855-464-3571 (Los Angeles County), 1-855-464-3572 (San Diego County) (TTY: 711).

Bisitahin ang **mmp.healthnetcalifornia.com**

